# Chapter 2

# Ang POEA Standard Employment Contract for Seafarers (POEA SEC)

Matapos maisumite ang lahat ng requirements natin at makapasa sa evaluation ng ating agency at principal, kailangan nating lumagda sa kontrata bago tayo makasakay ng barko.

Subalit ilan nga ba sa atin ang nagbabasa ng ating kontrata? Kadalasan, ang binabasa lang natin ay kung ilang buwan ang tagal ng kontrata at magkano ang susuwelduhin natin. Mali ito.

Dapat alam ng bawat marino kung ano ang nakasaad sa ating kontrata lalo na ang fine print na nakalagay dito. Binabalewala natin ito o kinatatamarang basahin dahil masyadong maliliit ang print, pero mahalaga ang nakalagay sa tekstong ito. Narito ang kadalasang pinagmumulan ng tampuhan natin at ng ating opisina.

**A. 3 Kontrata/Kasunduan**

Kadalasan, may tatlong dokumento na kailangan nating pirmahan kapag sasakay na tayo ng barko.

1. Ang una ay ang Standard Terms and Conditions Governing the Employment of Filipino Seafarers on Board Oceangoing Vessels o ang Philippine Overseas Employment Administration Standard Employment Contract for Seafarers (POEA SEC).

   Pana-panahong binabago ito para iayon sa demand ng panahon. Huli itong binago noong November 2010 sa pamamagitan ng POEA Memorandum Circular No. 10 s. 2010 upang iayon sa Maritime Labor Convention 2006 (MLC 2006).

   Binabago ito ng tripartite body na binubuo ng mga kinatawan mula sa pamahalaan (POEA), grupo ng employer (manning agencies) at grupo ng mga seafarers (Associated Marine Officers and Seamen's Union of the Philippines o AMOSUP).

Umani ng papuri ang Pilipinas sa buong mundo dahil dito. Tayo ang una sa lahat na mga marino sa buong mundo na nagkaroon ng kontrata sa pagitan ng seafarer at employer. Katunayan ang POEA SEC ang naging modelo ng maraming bansa at naging batayan din ng mga nagbalangkas ng MLC 2006.

2. Pangalawang dokumento na kailangan nating lagdaan ang isang pahinang kontrata na ipinatupad lang ng POEA noong Marso 2013 sa pamamagitan ng POEA Memorandum Circular No 4 s. 2013 bilang pagsunod sa MLC 2006.

   Bahagi ito ng POEA SEC na nagbibigay ng detalye tungkol sa atin, sa ating principal at agency, at barkong sasakyan. Nakasaad din dito ang tagal ng bisa ng kontrata, posisyon natin, suweldo, leave at iba pang impormasyon.

3. Pangatlo, may mga principal na humihingi pa ng hiwalay na kasunduan bukod pa sa naunang dalawa. Karaniwang kasunduan ito sa pagitan lang ng principal at mga opisyal sa kubyerta at makina.

   Hindi standard ang mga probisyon nito. Naglalaman ito ng mga partikular na benepisyo at espesyal na pribelehiyo na ibinibigay ng principal para sa mga opisyal ng kanyang barko.

## B. Ang POEA SEC

May mga nagsasabi na mas makamarino ang POEA SEC noong 2002. Pero ang kasalukuyang POEA SEC ay may mga probisyon din na pabor sa marino at mayroon ding para sa employer (manning agency at principal). Tulad ng karaniwan, layunin nito na pangalagaan ang interes ng dalawang panig.

Binibigyang proteksyon nito ang marino laban sa pagsasamantala at pang-aapi ng employer at pinangangalagaan din nito ang huli laban sa posibleng pang-aabuso ng una.

Nakalista rito ang ating mga benepisyo at mga probisyong pabor sa marino na dapat nating tinatamasa. Pangunahin dito ang sumusunod:

Ayon sa Section 1 ng POEA SEC, tungkulin ng employer na suwelduhan tayo on time, iremit ang ating allotment at maagap na pagbabayad ng ating valid claims.

Dapat ding isali tayo ng employer sa Social Security System (SSS), Philippine Health Insurance Corporation (Philhealth), Employee's Compensation Commission (ECC) at Home Development Mutual Fund (Pag-IBIG Fund).

Tungkulin din ng employer na isakay tayo sa isang seaworthy na vessel. Kaugnay nito, dapat tiyakin ng employer na may sapat na safety equipment para sa ating mga marino.

Karapatan din natin na magkaroon ng kaaya-ayang kundisyon sa trabaho at mapangalagaan ang ating kalusugan sa barko gaya ng nakatadhana sa MLC 2006.

Ayon sa Section 3 ng kontrata, sagot ng employer ang pamasahe natin patungo sa sasakyan nating barko at pauwi sa Pilipinas.

Hinggil sa suweldo, sinasabi sa Section 6, dapat nating matanggap ang ating suweldo habang nasa barko nang hindi lalampas sa 15 araw ng sumunod na buwan.

Pinuproteksyunan din tayo laban sa tiwaling exchange rates; dapat nakabatay ang ating suweldo sa kasalukuyang official exchange rate sa araw ng suweldo. (Section 7)

Sinasabi sa Section 8 na tungkulin ng employer na tulungan tayong makapagremit sa Pilipinas ng ating allotment sa pamamagitan ng mga awtorisadong bangko pagbaba natin ng barko, dapat bigyan tayo ng employer ng nakasulat na account ng ating sinuweldo at anumang deduction sa ating suweldo gaya ng nakasaad sa POEA SEC. (Section 9)

Dapat bigyan tayo ng sapat na oras ng pahinga. Sa loob ng isang linggo, hindi dapat hihigit sa 48 oras ang ating regular work at dapat bayaran ang ating overtime ayon sa POEA SEC. (Section 10)

Dapat din tayong bayaran ng overtime pay, ayon sa Section 11, sa ating trabaho na labas sa regular working hours. May bayad din tayo sa mga holidays sa Pilipinas.

Nakasaad naman sa Section 12 na dapat tayong makatanggap ng ating leave pay na katumbas sa 4 at kalahating araw kada buwan sa barko.

Dapat din tayong payagang mag-shore leave kung praktikal sa sitwasyon, (Section 13). Sinasabi naman sa Section 14 na sagot ng employer ang ating pagkain habang nasa barko.

Pinapayagan sa Section 15 na makalipat tayo ng ibang barko basta hawak din ng ating opisina ang barkong nais nating lipatan.

Kung may reklamo tayo, hinihingi sa Section 16, ang pagseset up ng grievance machinery sa barko para lutasin ang ating mga karaingan.

Kung hindi tayo kuntento sa solusyon, maaari nating itaas ang ating reklamo sa voluntary arbitration kung sakop tayo ng collective bargaining agreement (CBA)'kung wala naman ay maaari nating itaas ito sa Maritime Industry Labor Arbitration Council (MILA).

Dagdag pa, marapat din tayong makatanggap ng nakasulat na abiso kung may reklamo sa atin lalo na kung papatawan tayo ng anumang disciplinary action. May karapatan din tayong ipagtanggol ang ating sarili. (Section 17)

Kung kailangan tayong pauwiin, sagot ng employer ang ating repatriation costs, maliban kung pinababa tayo dahil sa just cause.

Dinetalye naman sa Section 19 ang ating karapatan at benepisyo kung pinababababa na tayo ng barko at pinauuwi sa Pilipinas o sa panahon ng repatriation.

### C. Section 20

Nakadetalye sa seksyong ito ang compensation at benefit nating mga marino.

1. Kung bunga ng aksidente nagkaroon tayo ng work-related injury o nagkasakit tayo habang nasa barko pa tayo, tungkulin ng ating employer ang mga sumusunod:
   - Bayaran pa rin ang ating suweldo habang nasa barko tayo.
   - Sagutin ang pagpapagamot natin sa ibang bansa man o maging dito sa Pilipinas.
   - Bayaran tayo ng sickness allowance katumbas ng ating basic pay sa loob ng 120 days o hanggang sa tayo ay ideklarang fit to work o maideklara ang degree ng ating disability ng duktor ng opisina. Maaari ring isingil sa ating employer ang gastos natin sa gamot.

- Sagutin ang ating repatriation.
- Bayaran tayo kung nagtamo tayo ng permanent total or partial disability bunga ng aksidente o sakit ayon sa Section 32 ng POEA SEC.

Ang mga kabayarang ito ng employer ay bukod pa sa matatanggap natin mula sa SSS, ECC, Philhealth at Overseas Workers' Welfare Administration (OWWA).

2. Kung sinawimpalad tayo habang nasa barko o work-related death, makakatanggap ang pamilya nating benepisyaryo ng $50,000 at $7,000 bawat anak na wala pa sa 21 taong gulang. Hanggang sa apat na anak lang ang tatanggap at nasa piso na ang matatanggap.

   Magbibigay din ang employeer na dagdag na $1,000 burial benefit.

3. Kung ang permanent total or partial disability ay bunga ng warlike activities, tulad ng piracy incident, ang bayad sa atin ay nakabatay sa kabayaran sa warzone area na nakasaad sa kontrata.

4. Sakaling magkakaso tayo sa ibang bansa, makakatanggap tayo ng subsistence allowance na katumbas ng $100 kada buwan habang nililitis ang kaso ngunit sa loob ng 6 buwan lamang.

5. Kung maospital naman tayo sa ibang bansa nang mahigit 7 araw, karapatan nating madalaw tayo ng isa sa ating pamilya o kung sinumang naisin natin at sagot ng employer ang gastos.

**D. Mga Dapat tandaan**

Matapos nating lagdaan ang mga ito, magkakabisa ang ating kontrata mula sa pag-alis natin ng bansa hanggang makabalik tayo sa Pilipinas.

Bukod sa mga nasabi na sa itaas, marami pang probisyon sa POEA SEC ang pabor sa ating mga marino.

Kaya masasabing higit na may proteksyon tayong mga marino kumpara sa landbased nating kapwa manggagawa.

Bunsod na rin ito ng natatanging kalagayan ng ating propesyon na nakapailalim sa mga istriktong international rules and regulations tulad ng MLC 2006.

Malaki rin ang naitulong ng malakas na unyunismo sa hanay ng mga marino sa buong daigdig.

Tandaan natin na itinataguyod ng POEA SEC ang ating karapatan at kapakanan kaya dapat lang na basahin natin at pag-aralang mabuti ito, mahaba at mahirap man intindihin ito.

Huwag tayong basta pipirma rito kung mayroon tayong hindi nauunawaan.

Walang mawawala sa atin kung magtatanong tayo tungkol sa mga probisyong hindi natin ganap na naiintindihan para maiwasan ang di-pagkakaunawaan natin at ng ating opisina.

Kapag nakapirma na tayo, ibig sabihin, sang-ayon tayong ipatupad ang mga probisyon ng kontrata at kasunduan. Wala nang atrasan.